Mga Opsyon ng Serbisyo ng CFC

Community First Choice

Tungkol sa mga serbisyo ng CFC

Ang mga serbisyong nakalista ay ang mga serbisyong hinahandog sa ilalim ng Community First Choice (CFC) para sa mga karapat-dapat na kliyente. Mayroong mga limitasyon kunggaano karami ng bawat serbisyo ang maaari ninyong piliin. Maraming tao, opsyon at mapagkukunan na magagamit para tumulong habang isinasaalang-alang ninyo ang inyong mga opsyon.

Personal na Pangangalaga at Tulong na Pangangalaga

Nagbibigay ang mga serbisyo ng personal na pangangalaga ng tulong sa araw-araw na mga gawain tulad ng pagligo, pagbibihis, o pamamahala ng inyong gamot. Kung kwalipikado kayo, pipili kayo ng kwalipikadong tagabigay ng serbisyo at kung saan ninyo gustong matanggap ang inyong pangangalaga. Depende sa inyong kita, magbabayad ang DSHS para sa lahat o bahagi ng mga serbisyong ito. Magbabayad rin ang DSHS para sa pangunahing pagsasanay ng tagapag-alaga para sa lahat ng kwalipikadong tagapag-alaga.

Narito ang mga opsyon kung saan ninyo maaaring matanggap ang mga serbisyo ng personal na pangangalaga.

- ✓ Sa inyong bahay
- ✓ Sa Isang Adult Family Home
- ✓ Sa Isang Assisted Living Facility

Paano pamamahalaan ang isang tagapag-alaga at maging isang employer

Ang inyong tagapag-alaga ay mahalagang bahagi ng iyong team ng pangangalaga. Kung nakatira kayo sa bahay o iniisip na lumipat sa inyong sariling bahay, kailangan ninyong pamahalaan ang araw-araw na karaniwang gawain ng inyong tagapag-alaga. Mayroong mga gamit sa pagsasanay na nagpapaliwanag kung paano pumili, pamahalaan at alisin ang mga tagapag-alaga.

Ang mga materyales na ito ay makukuha ng sinumang kliyente na hihiling ng impormasyon na ito. Tanungin ang inyong tagapamahala ng (case manager) kaso kung gusto ninyo ng booklet, video ng pagsasanay sa DVD, o link para sa video ng pagsasanay sa website ng DSHS.

Pangrilyebong Pangangalaga

Kapag nakatira kayo sa inyong sariling bahay, binabayaran ng pangrilyebong pangangalaga ang backup na tagapag-alaga para magbigay ng panandaliang pagrilyebo para sa inyong tagapag-alaga. Ang karilyebong tagapag-alaga ay maaaring gamitin para bigyan ng pahinga ang inyong regular na tagapag-alaga, o para pumalit kung maysakit o wala ang inyong regular na tagapag-alaga. Kayo ang magpapasya kung ilan sa inyong mga awtorisadong oras ang gagamitin para sa karilyebong tagabigay ng serbisyo.

Pagsasanay para Makakuha ng mga Kasanayan

Ang Pagsasanay para Makakuha ng mga Kasanayan ay nagbibigay ng pagsasanay kung gusto ninyong kumpletuhin ang isang gawain nang mas malaya. Maaaring gustuhin ninyong matutunan kung paano maghanda ng pagkain o maglaba. Makakakuha ng pagsasanay sa araw-araw na mga gawain sa inyong bahay, o sa lokasyon kung saan nagaganap ang gawain.

Pantulong na Teknolohiya

Ang mga item na Pantulong na Teknolohiya ay maaaring tulungan kayong kumpletuhin ang mga gawain nang walang tulong ng isa pang tao o tulungan kayo na maging higit pang malaya sa mga araw-araw na gawain.

Para kumuha ng pantulong na teknolohiya, kailangan ninyong makipag-ugnayan sa inyong doktor at humingi ng referral para sa pagsusuri ng isang therapist. Irerekomenda ng therapist ang tamang teknolohiya para sa inyo at tutulungan kayong matutunan kung paano gamitin ito kapag nakuha ninyo ito.

Personal na Sistema sa Pagtugon sa Emerhensiya (Personal Emergency Response System, PERS)

Ang PERS ay isang elektronikong device na nakakonekta sa inyong telepono na nagbibigay-daan sa inyong makakuha ng tulong sa isang emerhensiya. Kapag na-activate, susundin ng tauhan sa response center ang mga tagubilin na inyong ibinigay para humingi ng tulong.

Ang mga serbisyo ng pantulong na teknolohiya ay makukuha kung kayo ay kwalipikadong makakuha ng PERS na may tagatuklas ng pagkahulog, tagahanap na GPS, o sistema sa pamamahala ng gamot.

Hindi lahat ay karapat-dapat tumanggap ng PERS. Tutulungan kayo ng case manager na malaman kung kayo ay kwalipikado para sa mga sistemang ito.

Mga Serbisyo sa Paglipat sa Komunidad

Matutulungan kayo ng Mga Serbisyo sa Paglipat sa Komunidad na lumipat mula sa isang Nursing Facility o Institusyon ng Estado papunta sa komunidad. Maaari ninyong piliin na lumipat sa inyong sariling bahay, o sa isang adult family home o assisted living facility.

Washington State Department of Social & Health Services

Transforming lives

DSHS-22-1616 TA (9/15)